



Pag-unawa sa Pagkawala ng Kuryente

Layunin namin na magbigay sa inyo ng ligtas at maaasahang kuryente. Pero puwedeng mangyari ang pagkawala ng kuryente.

Mga uri ng pagkawala ng kuryente

- **Ang planadong maintenance sa aming kagamitan** ay puwedeng mangailangan na patayin namin ang kuryente para makapagtrabaho nang ligtas ang aming mga crew..
- **Ang Mga Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoffs, PSPS)** ay ginagamit bilang huling hakbang kapag mataas ang panganib ng malaking sunog.
- **Puwedeng mangyari ang maiikling, salit-salitang pagkawala ng kuryente sa panahon ng heatwave** para mabawasan ang strain sa grid kapag mataas ang demand sa kuryente.
- **Pinsala sa aming kagamitan** mula sa mga emergency tulad ng lindol, bagyo o aksidente sa sasakyan.
- **Ang Enhanced Powerline Safety Settings** ay nakakakita ng mga panganib sa linya ng kuryente at halos agad na pinapatay ang kuryente para maiwasan ang pagsiklab ng sunog.
- **Mga kahilingan sa kaligtasan** mula sa mga first responder.

Ano ang Aasahan

Kung puwede,
kami ay magpapaalam nito sa inyo sa pamamagitan ng tawag, text, email o liham.

Sa panahon ng anumang pagkawala ng kuryente: Magbibigay kami ng mga update sa pamamagitan ng tawag, text at/o email tungkol sa kung kailan maibabalik ang kuryente.



Gamitin ang checklist sa likod para sa tulong bago, habang at pagkatapos ng pagkawala ng kuryente.

Para matuto pa, bisitahin ang pge.com/electricaloutages.

ALAMIN ANG HIGIT PA



Mensahe na binayaran ng mga mamimili.

Ang "PG&E" ay tumutukoy sa Pacific Gas and Electric Company, isang subsidiary ng PG&E Corporation. ©2026 Pacific Gas and Electric Company. Nakalaan ang lahat ng karapatan. CCC-0326-6440. 03/05/2026.

Pamamahala sa Pagkawala ng Kuryente

Bago ang isang pagkawala ng kuryente

- ☐ I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa [pge.com/alerts](https://www.pge.com/alerts).
- ☐ Mag-enroll sa Medical Baseline o Self-Identified Vulnerable Programs para makatanggap ng karagdagang abiso at resource sa [pge.com/medicalbaseline](https://www.pge.com/medicalbaseline) o [pge.com/siv](https://www.pge.com/siv).
- ☐ Gumawa ng emergency plan at supply kit gamit ang [pge.com/safetyactioncenter](https://www.pge.com/safetyactioncenter).

Sa panahon ng pagkawala ng kuryente

- ☐ Makakuha ng safety update at tingnan kung kailan namin inaasahang maibabalik ang kuryente sa [pge.com/outages](https://www.pge.com/outages).
- ☐ Maghanap ng Community Resource Center para magkaroon ng access sa kuryente para sa pag-charge, Wi-Fi, meryenda at iba pa sa panahon ng ilang pagkawala ng kuryente sa [pge.com/crc](https://www.pge.com/crc).

Pagkatapos ng pagkawala ng kuryente

- ☐ Suriin kung kailangan ninyong mag-update ng inyong emergency plan para sa mga susunod na pagkawala ng kuryente, at maghanap ng mga resource sa [pge.com/afn](https://www.pge.com/afn).

Bago, habang at pagkatapos ng pagkawala ng kuryente, puwedeng tulungan kayo ng 211 na:

- Gumawa ng inyong emergency plan.
- Mag-apply para sa backup na kuryente o mga programa para sa kalusugan at kaligtasan.
- Ikonekta kayo sa mga lokal na resource tulad ng matutuluyan na hotel, masasakyan, gasolina para sa generator at pagpapapalit na pagkain.

 Tumawag sa 211

 Mag-text ng “PREPARE” sa 211-211

 Bisitahin ang [pge.com/211](https://www.pge.com/211)



Para sa suporta sa pagsasalin sa 240+ na wika, o para humiling ng materyal na naka-print sa Braille, malaking print o audio, tumawag sa **1-800-743-5000**.